Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

# Antas ng Kamalayan Sa Ika-21 Siglo: Tuon Sa Pagbuo Ng Banghay-Aralin

Jessie G. Eleuterio [1]
1 – Mindanao State University

Publication Date: July 12, 2025
DOI: 10.5281/zenodo.16750043

**Abstract**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong edukasyon na magsisilbing batayan sa pagbuo ng isang suplementong kagamitang panturo o Banghay-Aralin sa Filipino sa Baitang 7 na nakatuon sa 3KP o kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain. Ginawang legal na batayan ng pag-aaral ang Kautusang Pangkagawaran ng Edukasyon Blg. 7, serye ng 2015, pinaniniwalaang higit na nakasalalay sa kakayahan ng mga guro ang tagumpay ng anomang sistema ng edukasyon. Gumamit ng kuwantitatibong deskriptib-korelasyonal na disenyo upang ilarawan at suriin ang relasyon at mga baryabol. Pinili ang tatlumpong (30) mga guro bilang respondente na nagtuturo ng Filipino Baitang 7 sa Klaster 2 na may anim na Distrito at 16 na paaralang pansekundarya sa dibisyon ng Romblon sa tulong ng purposove sampling. Nakalap ang mga datos sa pamamagitan ng isang talatanungan na nahahati sa tatlong bahagi. Ang profayl ng mga guro ay karamihang nasa edad 20-40, may iba't ibang tagal ng pagtuturo, karamihan ay nagtapos ng kursong Filipino, kalahati ng respondente ay dumalo sa 1-3 pagsasanay kaugnay ng K-12 kurikulum. Mataas ang antas ng kamalayan ng mga guro sa lahat ng aspeto - Kritikal na Pag-iisip, Komunikasyon, Kolaborasyon, at Pagkamalikhain. Walang makabuluhang pagkakaiba sa Kritikal na Pag-iisip at Kolaborasyon ang propayl ng mga guro samantalang may makabuluhang pagkakaiba sa Komunikasyon at Pagkamalikhain na nagmumungkahi na ang kamalayan sa mga kasanayang ito ay maaaring naiimpluwensyahan ng ilang aspeto ng kanilang propayl. Bagamat mataas ang antas ng kamalayan ng mga guro sa mga pangunahing kasanayan, nangangailangan pa rin ng targeted na mga programa sa pagsasanay at gabay na Banghay-Aralin na tutugon sa mga partikular na pangangailangan ng mga guro upang mapahusay ang kanilang kasanayan sa Komunikasyon at Pagkamalikhain. Nagkaroon ng rekomendasyon na ipagamit ang nabuong awtput ng pag-aaral sa mga gurong nagtuturo ng Filipino at magsagawa ng kahalintulad na pananaliksik na nakapokus sa mga baryabol na hindi nabanggit sa pag-aaral na ito.

**Keywords:** *Kritikal na pag-iisip, Komunikasyon, Kolaborasyon, Pagkamalikhain, Banghay-Aralin, ika-21 siglong kasanayan, Filipino Baitang 7*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

**Panimula**

Ang mundo ng edukasyon ay mabilis na nagbabago. Sa ika-21 siglo ng pag-aaral at pagkatuto, ang mga guro ay kinakailangang nakatatawag-pansin at masigla upang maging aktibo at ganap na magampanan ang kanyang papel sa loob ng silid-aralan. Sa ganitong pagkakataon, naihahanda ng mga guro ang susunod na henerasyon sa mas kapana-panabik na pangdaigdigang komunidad. Bilang pagsunod sa pag-unlad ng mundo, ang sektor ng edukasyon ay kailangang balanse sa implementasyon ng ika-21 siglong kasanayan kung saan pinakamahalaga ang 4C's (Critical thinking, Communication, Collaboration, Creativity) o 3KP (Kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain).

Ang pagbabago sa kurikulum sa kasalukuyan ay dahil sa samu't saring suliraning naranasan ng Kagawaran ng Edukasyon. Mararamdaman ang kahinaan ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sapagkat mula sa walumpu't isang (81) bansang kalahok sa buong daigdig, ikaanim sa huli sa ranggo ang Pilipinas (PISA, 2022). Mas higit na naramdaman ang suliraning ito sa naging resulta ng PISA 2018 kung saan ang Pilipinas ay huli sa ranggo sa pagbasa mula sa pitumpu't siyan (79) na bansang kasali. Bunsod nito, ipinalabas ng Kagawaran ng Edukasyon na mayroong mahigit 70, 000 na mga mag-aaral sa Rehiyong Bicol ang hindi nakababasa at walang komprehensyon sa pagbasa. Malaki ang kaugnayan ng pangyayaring ito sa nasyonal na konteksto sa naging resulta ng pandaigdigang pagtataya. Hindi lamang sa nasabing rehiyon nararanasan ang suliraning ito bagkus maging sa iba pang rehiyon sa buong Pilipinas (Jaucian, 2020). Ilan lamang ito sa matinding suliraning patuloy na kinakaharap ng buong Kagawaran kung kaya't ang pagsasagawa ng iba't ibang polisiya, programa at proyektong pang-edukasyon na magpapatatag sa kurikulum ay itinataguyod sa kasalukuyan upang matuklasan ang tunay na pinag-ugatan ng suliranin at mailapat ang tamang solusyon.

Sa dibisyon ng Romblon, Klaster 2, kapansin-pansin din ang kahinaan ng mga mag-aaral pagdating sa pagbasa nang may pang-unawa mula sa resulta ng Phil-IRI na isinagawa ng kasalukuyang taong panuruan 2024-2025 na matutunghayan sa *Apendiks A*. Sa tatlong aspeto ng pagbabasa sa *Phil-IRI Standard Reading Material* – pagkilala ng salita, pag-unawa sa binasa nang tahimik, at pag-unawa sa tulong ng guro – mababa ang porsyento ng mga mag-aaral na nasa antas ng pagkabigo. Sa antas na ito, may 4% sa pagkilala ng salita, 7% sa pag-unawa sa binasa nang tahimik, at 6% sa pag-unawa sa tulong ng guro. Ipinapakita nito na may mga mag-aaral ang nahihirapan sa mga aspeto ng pagbabasang may pag-unawa. Ang pinakamalaking porsyento ng mga mag-aaral ay nasa antas na instraksyunal, na may 70% sa pagkilala ng salita, 66% sa pag-unawa sa binasa nang tahimik, at 68% sa pag-unawa sa tulong ng guro. Ipinahihiwatig nito na ang karamihan ng mga mag-aaral ay nangangailangan ng suporta o gabay mula sa guro upang lubos na maintindihan ang kanilang binabasa. Ang resulta ay nagpapatunay na bigo na mahubog sa mas nakararaming mag-aaral ang kritikal na pag-iisip habang nagsasagot sa mga katanungan hinggil sa binasa kung saan, ang komprehensyon ng mga mag-aaral ay dapat na nalilinang. Ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain ay maaaring mahubog sa kung paano sinasanay ang mga mag-aaral sa ganitong mga gawain.

Ang mga datos na nabanggit ang siyang nagpalutang sa tunay na suliraning kinakaharap ng Kagawaran ng Edukasyon. Sa kabila ng patuloy na pagnanais na maiangat ang kalidad ng edukasyon sa ating bansa sa tulong ng mga naunang pag-aaral, resulta ng pag-aaral at awtput nito, lumulutang pa rin ang di maiiwasang suliranin katulad ng mga binanggit sa kasalukuyang pag-aaral. Ang naranasang dalawang taong panuruan, kung saan sumailalim sa tinatawag na *Modular Distance Learning* (MDL) ang mga mag-aaral dulot ng pandemya ay may malaking epekto sa kritikal na pag-iisip ng bawat mag-aaral. Hindi lubusang nalinang ang kolaborasyon, komunikasyon at pagkamalikhain ng mga mag-aaral. Sa pagbabalik ng *face to face* na pag-aaral, malaking hamon para sa mga guro na muling ibalik at linangin sa bawat mag-aaral ang 3KP o kritikal na pag-iisip, kolaborasyon, komunikasyon at pagkamalikhain sa tulong ng mga kagamitang pampagtuturo.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

Personal ding naranasan ng mananaliksik ang mga balakid sa pagtuturo sa Baitang 7 pagdating sa pagbasa. Maraming pagkakataon sa kanyang pagtuturo na nakababasa ang mga mag-aaral subalit pagdating sa pagbasang may pang-unawa, bigo ang mga mag-aaral na maibigay ang mga wastong sagot mula sa katanungan lalo na pagdating sa kritikal na pag-iisip. Ang mga simpleng tanong na nagsisimula sa paano at bakit ay isang napakalaking suliranin na sa mga mag-aaral sa Filipino Baitang 7. Sa K to 12 na kurikulum, ang Kagawaran ng Edukasyon ay naglaan ng banghay-aralin na iminumungkahing gamitin ng mga guro sa pagtuturo. Mula dito, sisikaping alamin ng mananaliksik ang kamalayan ng mga guro sa 3KP upang ganap na mahubog ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral.

Sa lahat ng mga kasanayan na binigyang-pansin sa ika-21 siglo, ang 3KP ay itinala bilang kasanayang pampagkatuto na kailangang mahubog sa bawat mag-aaral upang magtagumpay sa makabagong panahon na sagana sa impormasyon. (Thoughtful learning, 2016).  Ang tradisyonal na pagkatuto at paraan ng pagtuturo tulad ng "*chalk and talk*" ay nagdudulot sa mga mag-aaral ng ng mas maliit na tyansang makapagsalita kung saan sa ika-21 siglong paraan ng pagkatuto, nangangailangan ito ng masigla at malikhaing istilo na angkop sa nilalaman at kaalaman sa nagpapatuloy na pagbabago sa edukasyon.

Ginawang legal na batayan ng kasalukuyang pag-aaral ang Kautusang Pangkagawaran ng Edukasyon Blg. 7, serye ng 2015, pinaniniwalaang higit na nakasalalay sa kakayahan ng mga guro ang tagumpay ng anomang sistema ng edukasyon. Gayundin, nakabatay ang pag-aaral sa Batas Republika 10533, seksyon 5, talata (h) na pumapatungkol sa lokalisasyon, kontekstuwalisasyon at indehenisasyon. Idagdag pang batayan ang Kautusang Pangkagawaran ng Edukasyon blg. 39, serye ng 2012 na pumapaloob ang gabay at polisiya sa pagtugon sa mga suliranin hinggil sa implemetasyon ng mga programa sa edukasyon. Nakabatay rin ang kasalukuyang pananaliksik sa Kautusang Pangkagawaran ng Edukasyon Blg. 117, serye ng 2005 na tungkol sa paggamit ng estratehiyang interbensyon upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.

Gayundin, ginamit na batayan sa kasalukuyang pag-aaral ang SGD 2030 (Sustainable Development Goals 2030) ng mga nagkakaisang bansa (United Nations) na pinagtibay sampong taon na ang nakalilipas kung saan target nito ang mga hamon ng pandaigdigang lipunan. Ang layunin ng 17 SDG ay maglagay ng daan sa isang mas mahusay na mundo. Sa hanay ng mga pandaigdigang adhikain, pang-apat ang de-kalidad na edukasyon na binigyan ng prayoridad. Masasalamin dito ang kahalagahan ng edukasyon kahit sa alinmang bansa sa buong mundo. Edukasyong may kalidad ang magsisilbing tuntungan ng bawat isa upang makamit ang iba pang mga adhikain sa SGD tulad ng walang kahirapan, walang gutom, mabuting kalusugan at maayos na pamumuhay, disenteng trabaho, maunlad na ekonomiya, atbp. Sa nalalapit na pagtatapos ng 17 pandaigdigang adhikain sa taong 2030, marapat lamang na magkaroon ng makabagong atake at inobasyon sa edukasyon na naaayon sa ika-21 siglong pagkatuto, pagtuturo at kasanayan.

Humantong ang mananaliksik sa pag-aaral dahil sa layuning magkaroon ng isang kamalayan sa kasalukuyang kurikulum partikular sa asignaturang Filipino sa Ikapitong Baitang na nakatuon sa 3KP o kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain sa mga paaralang sekondarya sa Klaster 2 ng dibisyon ng Romblon. Layon ng mananaliksik na maipakita ang mga kompetensi na higit na nalilinang, nalilinang, hindi gaanong nalilinang at hindi nalilinang kung mayroon man. Ang kamalayang ito ay magiging daan upang makapagmungkahi ng isang suplementong kagamitang panturo o banghay-aralin na tutugon sa mga pangangailangan tungo sa isang maayos na pagpapatupad at pagtataguyod ng edukasyon.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat higit na magagabayan ang bawat guro na mailapat nang mabisa at makabuluhan ang 3KP na mga kasanayan sa ilalim ng K to 12 na kurikulum lalo't higit sa mga guro at mag-aaral sa Klaster 2 sa Dibisyon ng Romblon. Mararanasan ng bawat mag-aaral ang isang kapaki-pakinabang na literasi tungo sa holistikong pagkatuto. Higit sa lahat, ang Kagawaran ay magkakaroon nang

isang matibay na katuwang sa tama at angkop na proseso ng pagpapatupad na sumasabay sa pandaigdigang sistema ng edukasyon.

Inaasahan na makapagmumungkahi ang mananaliksik ng isang suplementong kagamitang panturo katulad ng Banghay-aralin na nakadisenyo ang 3KP sa bawat aralin batay sa lumabas na kamalayan sa 3KP na kasanayan sa asignaturang Filipino Baitang 7. Ang magiging awtput ng pag-aaral ay inaasahang magagamit hindi lamang sa Klaster 2 kundi maging sa buong sangay ng Romblon sa ilalim ng pangangasiwa ng Kagawaran ng Edukasyon.

**Paran at Pamamaraan ng Pananaliksik**

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa disenyo ng pananaliksik, mga respondente, instrumento sa pagkuha ng datos, mga pamamaraan sa pagkuha ng datos, etikal na konsiderasyon at kagamitang estadistika na ginamit tungo sa ikatatagumpay ng pananaliksik-papel.

Ang disenyong ginamit ng mananaliksik sa kasalukuyang pag-aaral ay kuwantitatibong disenyo. Batay sa mga uri ng disenyong ito, ang pinakaangkop na gamitin ay deskriptib-korelasyonal. Ito ay disenyo na ginagamit ng mga mananaliksik upang mailarawan at masuri ang relasyon at mga baryabol. Kaugnay ng kasalukuyang pag-aaral, ang mananaliksik ay nagkaroon ng kamalayan sa 3KP bilang pangunahing kasanayan ng K to 12 na kurikulum sa Filipino sa Baitang 7 na ikinoreleyt sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa una at ikalawang markahan. Sa tulong ng disenyong ito, nailantad ang mga kasanayang higit na nalinang, hindi gaanong nalinang at hindi nalinang na ginawang batayan ng mananaliksik upang makapagmungkahi ng isang suplementong kagamitang panturo.

Inilahad ni Jennifer Walinga (2014) ang layunin ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo. Layunin ng deskriptibo na mailarawan ang kasalukuyang mga iniisip, damdamin o pag-uugali ng mga tagatugon. Habang ang layunin naman ng korelasyonal ay masukat ang dalawa o higit pang mga nauugnay na baryabol at tasahin ang relasyon sa pagitan o kabilang na mga baryabol.

Ang mga kaguruan sa Filipino baitang 7 sa Klaster 2 na may anim na Distrito at 16 na paaralang pansekundarya sa dibisyon ng Romblon na binubuo ng tatlumpong (30) mga guro ang naging respondente ng pananaliksik na ito. Sila ang napiling respondente dahil sa katangiang nagtuturo ng araling Filipino sa Baitang 7 gamit ang mga banghay-aralin sa ilalim ng implementasyon ng kasalukuyang kurikulum. Inalam ang kanilang kamalayan hinggil sa 3KP at ika-21 siglong kasanayan upang matukoy ang kahinaan at makabuo ng angkop na banghay-aralin kung saan ay nakapaloob ang mga kasanayang tinutukoy sa ika-21 siglong pagkatuto.

Ang sampling teknik na ginamit sa pananaliksik ay *purposive sampling*. Sa sampling na ito pinili ang isang respondente batay sa pangangailangan na nagpakita ng pinakatiyak at angkop na katangian sa isang pananaliksik. Makikita sa ibabang talahanayan ang distribusyon ng respondente.

**Talahanayan 1**

**Distribusyon ng mga Respondente**

| Pangalan ng Distrito sa Cluster 2 ng Romblon | Kabuoang Populasyon ng Guro na Nagtuturo ng Filipino sa Ikapitong Baitang | Sampol |
|---|---|---|
| Distrito 1 | 6 | 5 |
| Distrito 2 | 8 | 6 |
| Distrito 3 | 9 | 7 |
| Distrito 4 | 6 | 5 |
| Distrito 5 | 9 | 7 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

| | | |
|---|---|---|
| **Kabuuan** | **38** | **30** |

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pag-aaral ay talatanungan na nahahati sa tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay nagpapakita ng profayl ng mga respondente batay sa edad, kasarian, tagal ng pagtuturo, medyor, at bilang ng dinaluhang pagsasanay. Ang ikalawang bahagi naman ay tungkol sa antas ng kamalayan ng mga respondente sa 3KP ng K to 12 na kurikulum sa Filipino sa Ikapitong Baitang. At ang ikatlong bahagi naman ay kung anong maimumungkahing banghay- aralin ang mabubuo upang magamit ng mga guro sa pagtuturo.

Ang talatanungang ginamit ay isang mahalagang instrumento sa pag-aaral upang masuri ang kamalayan ng mga guro sa mga kasanayang Kritikal na Pag-iisip, Komunikasyon, Kolaborasyon, at Pagkamalikhain (3KP). Ito ay naglalaman ng apat na pangunahing kategorya na naglalayong matukoy ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagsanib ng mga kasanayang ito sa kanilang pagtuturo. Ang paggamit nito ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng malinaw na larawan kung paano ang mga guro ay nakapagbibigay ng makatuwirang argumento, epektibong komunikasyon, kolaborasyon, at pagkamalikhain. Ang mga resulta mula dito ay naging batayan upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon para sa ika-21 siglong edukasyon.

Sinunod at ginamit ang mga sumusunod na pamamaraan sa pangangalap ng datos. Una, pagsasarbey. Sa pangangalap ng datos, nagbigay ng talatanungan ang mananaliksik sa mga napiling respondente na nakatuon sa pagtukoy sa profayl at kamalayan ng mga guro sa 3KP. Matapos ang pamamahagi ng talatanungan sa mga tukoy na respondente at mabigyan ng sapat na panahon at araw upang masagutan, nilikom ang talatanungan, kasunod nito ang pagtatala ng tugon mula sa mga gurong respondente. Inihanay nang maayos ang mga tugon upang magkaroon ng malinaw na interpretasyon at pag-aanalisa Ikalawa, pakikipanayam. Mahalaga ang pakikipanayam sa mga respondente upang mas mapalalim ang pagbibigay ng interpretasyon sa kanilang naging kamalayan sa 3KP sa ilalim ng K to 12 na kurikulum. Humingi ng maikling oras ang mananaliksik sa mga guro upang kapanayamin na ang mga tugon ay karagdagang impormasyon na maaaring pagbasehan at magpatibay sa interpretasyon Ikatlo, pagpili at pagsusuri ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral. Mahalaga na mapili ang mga literatura at pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik na magagamit sa pagpapalalim ng interpretasyon at analisis ng magiging resulta ng pag-aaral. Inisa-isa ng mananaliksik ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral upang higit na matukoy at mabigyan ng pansin ang mga salik at baryabol na tinukoy sa buong pag-aaral

Ang katumpakan ng mga instrumentong ginamit ay dumaan sa balidasyon sa tulong ng tatlong napiling eksperto sa larangan ng Filipino. Sila ay kinabibilangan ng tatlong dalubguro sa Filipino mula sa tatlong malalaking pansekondaryang paaralan ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Odiongan, Mataas na Paaralang Nasyonal ng Alcantara at Mataas na Paaralang Nasyonal ng Sta. Fe. Maglalahad ang mananaliksik ng mga aralin gamit ang banghay- aralin sa nasabing asignatura na kasalukuyang pinag-aaralan ng mga mag-aaral gayundin ang librong magiging reperensya o sanggunian. Matapos na maipabalideyt ang mga instrumentong ginamit, ang mga suhestiyon at rekomendasyon ay sinunod para sa katumpakan ng instrumento.

Mainam na sundin ng mananaliksik ang sumusunod sa pagsasagawa ng pananaliksik. Mahalagang isaalang-alang ang etikal na konsiderasyon upang mapanatili ang kumpedensyaliti ng mga datos mula sa naging respondente. Ang sumusunod ay mga etikal na konsiderasyon ng kasalukuyang pag-aaral. Una, paghingi ng pahintulot sa kinauukulan para sa pormal na pagsasagawa ng pananaliksik. Bago simulan ang pagsasagawa ng pag-aaral, mahalaga na humingi ng permiso ang mananaliksik sa dekana ng paaralang graduwado at tagapamanihala ng mga paaralan sa sangay ng Romblon para sa pormal na pagsisimula ng mga gawaing pampananaliksik. Ikalawa, boluntaryong partisipasyon ng mga respondente. Matapos ang una

at ikalawang markahan sa ilalim ng K to 12 na kurikulum, ipamamahagi ng mananaliksik ang inihandang talatanungan upang matukoy ang kamalayan ng mga guro sa 3KP. Ikatlo, pagtiyak na lahat ng mga pinagkuhanang datos at impormasyon ay bahagi ng sanggunian upang maiwasan ang isyu ng plagyarismo. At panghuli, muling pagbibigay-kabatiran o pagbabahagi ng resulta o kinalabasan ng pag-aaral mga naging respondente.

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa ikalawang klaster na binubuo ng limang distrito at 16 na paaralang sekondarya sa dibisyon ng Romblon. Ang mga paaralang nabanggit ay naglalayong maghatid ng de-kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral sa ilalim ng K to 12 na kurikulum na kasalukuyang ipinapatupad.

Ang sumusunod ay mga kagamitang pang-istadistika na ginamit sa pag-aaral. Ginamit ang *anova* upang matukoy ang pagkakaiba ng kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan sa kanilang pagtuturo samantalang ang *frequency* at *percentage* naman ay ginamit upang matukoy ang kabuoang bilang at bahagdan na nakabatay sa profayl ng mga respondente.

Ang *Pearson's r Correlation* ay ginamit upang matukoy ang mahalagang kaugnayan ng malaya at hindi malayang baryabol ng pag-aaral gayundin ang

*Regression Analisis* upang matukoy ang pagkakaiba sa magiging kamalayan ng mga respondente sa 3KP bilang pangunahing kasanayan ng K to 12 kurikulum sa Filipino sa Baitang 7. At bilang panghuli, ginamit ang *Weighted Mean*, upang alamin ang antas kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan sa pagtuturo batay sa kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain. Upang mas mapalalim ang interpretasyon ng mga datos sa antas ng kamalayan, nilakipan ito gamit ang 4-point scale.

## Mga Resulta at Pagtalakay

Ang bahaging ito ay naglalahad, nag-aanalisa at nagpapaliwanag ng mga datos tungkol sa profayl ng mga guro batay sa edad, kasarian, tagal ng pagtuturo, medyor at bilang ng mga dinaluhang pagsasanay sa k to 12 na kurikulum; antas ng kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan sa pagtuturo batay sa kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain; at ang huli, pagkakaiba ng kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan sa kanilang pagtuturo.

Ang pag-aaral na ito ang nagbigay-daan upang makabuo ang mananaliksik ng suplementong kagamitang panturo katulad ng banghay-aralin na nakadisenyo ang 3KP sa bawat aralin. Ang awtput ng pag-aaral ay inaasahang magagamit hindi lamang sa Klaster 2 kundi maging sa buong sangay ng Romblon sa ilalim ng pangangasiwa ng Kagawaran ng Edukasyon. Suplementong kagamitan o banghay-aralin na kinapapalooban ng mga kasanayang 3KP (komunikasyon, kolaborasyon, kritikal na pag-iisip at pagkamalikhain) na naaayon sa ika-21 siglong kasanayan at pagkatuto na lilinang sa bawat indibidwal tungo sa pandaigdigang adhikain na de-kalidad na edukasyon. Ang kabanatang ito ay naglalahad ng resulta sa isinagawang pag-aaral hinggil sa kamalayan ng mga guro sa Baitang 7 sa 3KP. Binigyan din ng paglalahad at pagpapaliwanag ang makabuluhang pagkakaiba ng resulta ng antas ng kamalayan sa 3KP sa kanilang pagtuturo.

Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang kamalayan ng mga guro sa 3KP sa Filipino sa Baitang7 na magsisilbing batayan sa pagbuo ng isang suplementong kagamitang panturo. Nilayon din ng pag-aaral na matugunan ang sumusunod na suliranin:

1. **Profayl ng mga guro batay sa edad, kasarian, tagal ng pagtuturo, medyor at bilang ng mga dinaluhang pagsasanay sa k to 12 na kurikulum**

Ang pagtukoy sa profayl ng mga guro ay isang mahalagang hakbang sa pag-unawa sa kanilang mga pananaw, kasanayan, at kahandaan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa ika-21 siglo. Ang mga guro ay hindi lamang tagapaghatid ng kaalaman, kundi mga tagapaghubog din ng kasanayan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Kung kaya, ang kanilang edad, kasarian, karanasan, pinag-aralan, at mga pagsasanay na dinaluhan ay maaaring makaapekto sa kanilang estilo ng pagtuturo, paggamit ng teknolohiya, at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa profayl ng mga guro, mas mauunawaan ang kanilang kalakasan at kahinaan, at makabubuo ng mga angkop na programa ng pagsasanay at pagpapaunlad ng kanilang kasanayan.

### 1.1 Edad

Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang Distribusyon ng mga guro batay sa edad.

**Talahanayan 2**
**Distribusyon ng mga Guro Batay sa Edad**

| Edad | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| 31-40 | 10 | 33.3 |
| 20-30 | 10 | 33.3 |
| 41-50 | 3 | 10.0 |
| 51 pataas | 7 | 23.3 |
| **Kabuuan** | **30** | **100%** |

Ayon sa Talahanayan 2, makikita na ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino ay karamihang nasa hanay ng edad na 20-30 at 31-40 taong gulang, kung saan ang bawat pangkat ay binubuo ng 33.3% ng kabuoang mga respondente. Samantala, ang pinakamaliit na pangkat ng mga guro ay nasa hanay ng edad na 41-50 taong gulang, na bumubuo sa 10% ng kabuuang mga respondente. Ang 23.3% ng mga guro ay nasa edad 51 pataas. Batay sa datos, mahihinuha na ang mga guro sa pag-aaral na ito ay binubuo ng isang halo ng mga nakababatang guro at mga gurong may mas matagal nang karanasan. Tulad ng binanggit ni Rulona (2024) sa *Journal of Research*, isa sa mga hamon ng mga guro na kabilang sa Generation Z sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay ang pag-angkop sa *generation gap*. Ang agwat ng edad ay isa sa mga nakaaapekto sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan dahil hindi lahat ng mga guro ay agad magawang makipagsabayan sa mga nais ng mga mag-aaral. Kinakailangan itong tutukan at kontrolin upang magkaroon ng tamang balanse sa relasyon ng mag-aaral at guro sa loob ng silid-aralan. Ang distribusyon ng edad ay maaaring magkaroon ng implikasyon sa kanilang kaalaman at pagtanggap sa mga bagong pamamaraan ng pagtuturo at teknolohiya na tatalakayin sa mga susunod na bahagi ng pag-aaral. Ang edad ay isang salik na masasabing may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat kung ang isang guro na hindi nalalayo sa edad ng mga mag-aaral ang haharap sa tinatawag na *generation Z students*, madali niyang maiaangkop ang estilo at estratehiyang dala niya sa pagtuturo.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

**1.2 Kasarian**

Matutunghayan sa Talahanayan 3 ang Distribusyon ng mga Guro Batay sa Kasarian

**Talahanayan 3**
**Distribusyon ng mga Guro Batay sa Kasarian**

| Kasarian | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Babae | 17 | 56.7 |
| Lalaki | 13 | 43.4 |
| **Kabuuan** | **30** | **100%** |

Lumutang sa Talahanayan 3 ang distribusyon ng mga guro batay sa kasarian. Malinaw na ang nakararami sa mga gurong nagtuturo ng Filipino 246ap ag-aaral na ito ay mga babae, na binubuo ng 56.7% ng kabuuang bilang ng mga respondente, samantalang 43.3% naman ang kumakatawan sa mga gurong lalaki. Binigyang-diin ni Pernala (2021) na ang K to 12 na programa ay itinataguyod upang bigyan ng sapat na kaalaman at kasanayan ang mga mag-aaral para sa kolehiyo, trabaho o Negosyo kung saan ang kasarian ay hindi na tinitingnan bilang isang malaking isyu sa 246ap ag246.

Ang mataas na representasyon ng mga kababaihan sa pagtuturo ay maaaring maiugnay sa iba't ibang mga kadahilanan, kabilang na ang mga umiiral na pamantayan ng kasarian, mga oportunidad sa trabaho, at ang tradisyonal na pagtingin sa pagtuturo bilang isang "natural" na trabaho para sa mga kababaihan dahil sa kanilang inaasahang katangian ng pag-aaruga.

Sa kabilang banda, ang pagkakaroon ng mga gurong lalaki ay mahalaga rin sa pagbibigay ng balanseng pananaw at mga modelo para sa mga mag-aaral. Ang mga pag-aaral ay nagpapakita na ang mga gurong babae at lalaki ay maaaring magkaroon ng iba't ibang 246ap ag ng pagtuturo, mga paraan ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, at mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan.

Maiuugnay ang resultang ito 246ap ag-aaral ni Tuñacao (2024) kung saan ang kasarian ay lumutang bilang isang mahalagang salik, ang mga babae ay nagpapakita ng kakaibang mas mataas na antas ng pang-unawa at husay sa pagbabahagi ng kaalaman. Bilang implikasyon nito, dapat isaalang-alang sa pagbuo ng mga programa sa pagsasanay at pagpapaunlad ng mga guro, upang matiyak na ang mga guro, anuman ang kasarian, ay may sapat na kasanayan at kaalaman upang epektibong makapaghatid ng de-kalidad na edukasyon sa lahat ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, mahalaga ring suriin kung mayroong anomang *bias* o *stereotype* sa mga kagamitang pampagtuturo na maaaring makaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

### 1.3 Tagal ng pagtuturo

Matutunghayan sa Talahanayan 4 ang Distribusyon ng mga guro batay sa

Tagal ng Pagtuturo

**Talahanayan 4**
**Distribusyon ng mga guro batay sa Tagal ng Pagtuturo**

| Tagal ng Pagtuturo | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| 5 taon pababa | 12 | 40.0 |
| 6-15 taon | 6 | 20.0 |
| 16-25 taon | 6 | 20.0 |
| 26 taon pataas | 6 | 20.0 |
| **Kabuuan** | **30** | **100%** |

Ang distribusyon ng mga guro batay sa tagal ng pagtuturo ay malinaw na makikita sa Talahanayan 4, kung saan karamihan sa kanila ay mayroon lamang 5 taon pababa sa tagal ng pagtuturo, na bumubuo sa 40% ng mga respondente. May pantay-pantay na distribusyon naman sa ibang bahagdan sa tagal ng pagtuturo ang mga guro sa Filipino, na binubuo ng 20% bawat bahagdan sa kabuoang komposisyon (6-15 taon, 16-25 taon, at 26 taon pataas). Ang resulta na ito ay nagpapahiwatig na mayroong malaking bilang ng mga baguhang guro sa asignaturang Filipino sa Ikapitong Baitang sa kasalukuyang panahon.

Ang pagkakaroon ng maraming baguhang guro ay maaaring magdulot ng mga oportunidad at hamon. Sa isang banda, ang mga baguhang guro ay maaaring magdala ng mga bagong ideya, pamamaraan, at teknolohiya sa pagtuturo. Sa kabilang banda, ang mga baguhang guro ay maaaring mangailangan ng karagdagang suporta at pagsasanay upang mapaunlad ang kanilang mga kasanayan sa pagtuturo at pamamahala ng silid-aralan.

Katulad ng binanggit ni Mulyani (2021), ang mga kasanayang ito ay hindi lamang nagsisilbing pundasyon para sa akademikong tagumpay kundi pati na rin para sa paghahanda ng mga mag-aaral sa mas malawak na konteksto ng globalisadong mundo. Ito ay nangangahulugan o nagpapakita ng implikasyon na mahalagang tandaan na ang mga guro na may iba't ibang tagal ng pagtuturo ay maaaring may iba't ibang pangangailangan sa pagpapaunlad ng kanilang propesyonal na kasanayan. Ang mga programa sa pagsasanay at pagpapaunlad ng mga guro ay dapat na iayon sa kanilang mga pangangailangan upang matiyak na sila ay may sapat na kasanayan at kaalaman upang epektibong makapaghatid ng de-kalidad na edukasyon sa lahat ng mga mag-aaral.

### 1.4 Medyor

Matutunghayan sa Talahanayan 5 ang Distribusyon ng mga guro Batay sa Medyor

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

**Talahanayan 5**
**Distribusyon ng mga guro Batay sa Medyor**

| Medyor | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Filipino | 18 | 60.00 |
| Edukasyon sa Wika | 5 | 16.67 |
| Di-medyor sa Filipino | 7 | 23.33 |
| **Kabuuan** | **30** | **100%** |

Ayon sa Talahanayan 5, 60% ng mga respondente ay nagtapos ng kursong Filipino, habang 16.67% naman ang nagtapos ng Edukasyon sa Wika at 33.33% ang mga guro na di-medyor sa Filipino subalit nagtuturo ng asignaturang Filpino. Ipinapakita nito na mayroong nangingibabaw na bilang ng mga respondente na ang medyor ay Filipino. Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Baitang 7 ay may malalim na kaalaman at pag-unawa sa wika, panitikan, at kultura ng Pilipinas. Ang pagkakaroon ng mga guro na may ganitong kasanayan ay mahalaga sa pagpapanatili at pagpapayabong ng ating pambansang identidad at kultura. Sila ang mga pangunahing tagapagtaguyod ng wikang Filipino, at mayroon silang mahalagang papel sa paghubog ng mga susunod na henerasyon ng mga Pilipino na may pagmamahal at pagpapahalaga sa kanilang sariling wika at kultura.

Sa kabilang banda, ang mga guro na nagtapos ng Edukasyon sa Wika na may 16.67 bahagdan ay nagtataglay ng mga espesyal na kasanayan at kaalaman sa mga teorya at pamamaraan ng pagtuturo ng wika. Sila ay may malalim na pag-unawa sa kung paano natututo ang mga mag-aaral ng wika, at may kakayahang gumamit ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na may iba't ibang estilo ng pagkatuto at antas ng kasanayan.

Gayundin, hindi maiiwasan na ang isang guro ay magturo ng asignaturang Filipino kahit na di-medyor sa Filipino. Nagkaroon ng 23.33 bahagdan o pitong mga guro mula sa kabuoang 30 ang nagtuturo ng Filipino na lihis sa kanilang medyor. Ang sitwasyong ito ay kadalasang nararanasan sa mga paaralang bagong bukas na kalimitan ay may dalawa o higit lamang na mga guro.

Ang pagkakaroon ng mga guro na may parehong medyor sa Filipino at Edukasyon sa Wika ay nagbibigay ng balanseng perspektibo sa pagtuturo ng wika. Binigyang-diin ni Fernandez (2020) na dapat magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino particular sa wika. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, mas mapauunlad nila ang kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Malinaw ang implikasyong ipinapakita sa result ana mahalaga ring tandaan na ang patuloy na pagpapaunlad ng kasanayan ng mga guro, anoman ang kanilang medyor, ay mahalaga upang matiyak na sila ay may sapat na kaalaman at kasanayan upang epektibong makapaghatid ng de-kalidad na edukasyon sa lahat ng mga mag-aaral.

### 1.5 Bilang ng dinaluhang pagsasanay sa K to 12 Kurikulum

Matutunghayan sa Talahanayan 6 ang Distribusyon ng mga guro batay sa bilang ng dinaluhang pagsasanay sa K to 12 Kurikulum

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

**Talahanayan 6**
**Distribusyon ng mga guro batay sa bilang ng dinaluhang pagsasanay sa K to 12 Kurikulum**

| Bilang ng dinaluhang pagsasanay sa K-12 curriculum | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| 1-3 pagsasanay | 15 | 50.00 |
| 4-6 na pagsasanay | 5 | 16.67 |
| Higit sa 6 na pagsasanay | 10 | 33.33 |
| **Kabuuan** | **30** | **100%** |

Ang distribusyon ng mga respondente batay sa bilang ng pagsasanay na kanilang dinaluhan kaugnay ng K-12 kurikulum. Ayon sa datos, kalahati ng mga respondente (50.00%) ay dumalo sa 1-3 na pagsasanay, samantalang 33.33 porsyento ng mga respondente ay dumalo ng higit sa 6 na pagsasanay ukol sa K-12 kurikulum. Ang natitirang 16.67% naman ay dumalo sa 4-6 na pagsasanay. Ang resulta na ito ay nagpapahiwatig na bagama't may mga guro na aktibong nakikilahok sa mga pagsasanay kaugnay ng K-12 kurikulum, mayroon pa ring malaking bilang ng mga guro na limitado lamang ang kanilang partisipasyon.

Ang K-12 kurikulum ay naglalayong ihanda ang mga mag-aaral na Pilipino para sa mga hamon ng ika-21 siglo sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kanilang mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon, at pagkamalikhain. Kung kaya, mahalaga na ang mga guro ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa pagpapatupad ng kurikulum na ito. Ang mga pagsasanay ay may mahalagang papel sa pagbibigay ng mga guro ng mga kinakailangang kaalaman, kasanayan, at estratehiya sa pagtuturo upang epektibong maipatupad ang K-12 kurikulum. Binigyang-diin ni Mayuddin (2018) na ang bawat guro ay nararapat na maging edukado upang maunawaan at maging mahusay sa pagsusuring kritikal, na siyang bubuo ng bagong henerasyon na may kakayahang magsagawa ng mga pagsusuri at lumikha. Ang mga resulta ay nagbibigay ng implikasyon na ang iba't ibang pagsasanay sa asignaturang Filipino ang magpapalawak sa kaalaman ng mga guro hinggil sa makabagong dulog sa pagtuturo lalo't higit pagdating sa usapin ng komunikasyon, kolaborasyon, kritikal na pag-iisip at pagkamalikhain. Marapat na ipagpatuloy ng mga guro sa asignaturang Filipino na maghangad ng mga pagsasanay na tiyak na mag-iiwan sa bawat isa ng mga kaalamang magagamit sa pagpapaunlad ng esdukasyong may kalidad at handang makipagsabayan sa nagbabagong panahon at pagkakataon.

2. **Antas ng kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan sa pagtuturo batay sa kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain.**

Gamit ang pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan (4C's) - kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain - sinuri ang kamalayan ng mga guro sa mga kasanayang pampagkatuto sa ilalim ng iba't ibang domeyn ng kurikulum. Inilapat ang mga pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan sa nakasaad na gawaing pampagkatuto upang matukoy ang kamalayan ng mga respondente.

Sa pamamagitan ng pagsusuri, matutunghayan sa Talahanayan 7 ang kamalayan ng mga guro sa apat na pangunahing kasanayan sa mga gawaing pampagkatuto sa ilalim ng kasalukuyang kurikulum.

**Talahanayan 7**
**Antas ng kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan sa pagtuturo sa kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain.**

| Antas ng Kamalayan | Mean | Median | Mode | Paglalarawan |
|---|---|---|---|---|
| Kritikal na Pag-iisip | 3.56 | 3.67 | 3.67 | Mataas |
| Komunikasyon | 3.53 | 3.50 | 3.38 | Mataas |
| Kolaborasyon | 3.51 | 3.50 | 3.50 | Mataas |
| Pagkamalikhain | 3.46 | 3.50 | 3.50 | Mataas |

Ipinapakita ng Talahanayan 7 ang antas ng kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan sa pagtuturo. Batay sa mga resulta, lahat ng kasanayan Kritikal na Pag-iisip, Komunikasyon, Kolaborasyon, at Pagkamalikhain ay may mean na nasa pagitan ng 3.46 hanggang 3.56, na tumutukoy sa "Mataas" na antas ng kamalayan. Ang median at mode ay halos magkatulad para sa bawat kasanayan, na nagpapakita ng matatag na sentral na tendensya at pagkakapareho sa pananaw ng mga guro ukol sa kahalagahan ng mga kasanayang ito.

Ang Kritikal na Pag-iisip ay pinakataaas na nagpapahiwatig na ang mga guro ay lubos na nakakaunawa sa kahalagahan nito bilang pundasyon para sa pagsusuri, paglutas ng problema, at paggawa ng makatuwirang desisyon. Ayon sa nakasaad sa Dictionary.com’s 21st Century Lexicon (2018), kritikal na pag-iisip ay isang prosesong pangkaisipan na aktibo at may kakayahang magbigay ng konsepto, maglapat, bumuo, at magtaya ng impormasyon hanggang humantong ito sa kasagutan at konklusyon. Katulad ng pahayag ni Mayuddin (2018) na ang bawat guro ay nararapat na maging edukado upang maunawaan at maging mahusay sa pagsusuring kritikal, na siyang bubuo ng bagong henerasyon na may kakayahang magsagawa ng mga pagsusuri at lumikha. Ang mataas na antas ng kamalayan dito ay mahalaga lalo na sa pagtuturo ng Filipino, kung saan hinihikayat ang mga mag-aaral na maging mapanuri sa panitikan at mga isyung panlipunan.

Ang Komunikasyon ay sumusunod, na nagpapakita ng kamalayan ng mga guro sa kahalagahan nito bilang kasangkapan para maipahayag nang malinaw ang kanilang ideya at makipag-ugnayan nang epektibo. Binanggit ni Fatimayin (2018) na ang komunikasyon ay isang proseso ng pagpapalitan ng impormasyon na kadalasan na ginagawa sa pamamagitan ng karaniwang sistema ng mga simbolo. Ang mataas na kamalayang ito ay nagpapakita ng kahandaan ng mga guro upang ituro ang kasanayang ito, na mahalaga para sa kolaboratibong gawain at tagumpay sa hinaharap.

Ang Kolaborasyon ay nagpapahiwatig din ng mataas na kamalayan, kung saan kinikilala ng mga guro ang kahalagahan ng pagtutulungan upang makamit ang layunin. Ayon kay Pernala (2021), ang guro ay nagiging bahagi ng isang paaralan dahil sa iisang layunin at hangarin. Bilang motibasyon, nagpapatuloy sila upang abutin ang solusyon sa problema at pag-unlad. Sa konteksto ng pagtuturo, ang kolaborasyon ay mahalaga hindi lamang para sa mga mag-aaral kundi pati na rin para sa mga guro upang magbahagi ng best practices at magtulungan para mapabuti ang kalidad ng edukasyon.

Ang Pagkamalikhain ay bahagyang mas mababa ngunit nananatiling nasa mataas na antas. Ayon kay Guilford (2019), ang pagkamalikhain ay isang mahalagang bahagi ng katalinuhan na dapat isaalang-alang sa pagtuturo. Sa pagtuturo naman, mahalaga ito upang makabuo ang mga guro ng mas makabagong pamamaraan at estratehiya para mas epektibong maihatid ang aralin.

Bagama't mataas ang antas ng kamalayan, mahalagang tandaan na hindi ito nangangahulugan ng aktwal o epektibong implementasyon. Sa pahayag ni Jaucian (2020), ang kahalagahan ng komunikasyon bilang isang kasanayan na dapat mahubog mula pagkabata. Ang ganitong hamon ay kailangang tugunan

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

upang matiyak na hindi lamang kamalayan kundi aktwal ding maisasagawa ang mga kasanayang ito sa silid-aralan.

Ang mga resulta mula Talahanayan 7 ay nagpapakita ng implikasyon na ang mga guro ay may mataas na antas ng kamalayan ukol sa ika-21 siglong kasanayan, ngunit nangangailangan pa rin ito ng mas malalim na pagsusuri kung paano nila ito isinasagawa at kung paano maaaring mapabuti pa ang kanilang kakayahan.

**3. Pagkakaiba ng kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan sa kanilang pagtuturo.**

Nakasalalay sa antas ng kamalayan ng mga guro sa apat na kasanayan na matatagpuan sa ika-21 siglong edukasyon ang mga paraan sa pagtuturo. Sa patuloy na pagbabago at pabago-bagong sistema ng edukasyon, napakahalagang mulat ang mga guro sa mga kasanayang umaayon sa mabilis na pagbabago sa paligid. Ang pagbibigay ng gabay sa mga guro mula sa nakataataas ay patunay na naghahangad pa rin ang kagawaran ng higir sa mataas na kamalayan sa mga kasanayan na tutugma at naaayon sa pandaigdigang adhikain.

Matutunghayan sa Talahanayan 8 ang distribusyon ng mga sagot sa kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon, at pagkamalikhain gamit ang Shapiro-Wilk para sa pagsusuri ng normalidad.

**Talahanayan 8**

**Distribusyon ng mga sagot sa Kritikal na Pag-iisip, Komunikasyon, Kolaborasyon, at Pagkamalikhain gamit ang Shapiro-Wilk para sa Pagsusuri ng Normalidad**

| Aspeto ng Kamalayan | Shapiro-Wilk W | Shapiro-Wilk P |
|---|---|---|
| Kritikal na Pag-iisip | 0.687 | <.001 |
| Komunikasyon | 0.928 | 0.044 |
| Kolaborasyon | 0.753 | <.001 |
| Pagkamalikhain | 0.577 | <.001 |

Sa Talahanayan 8, makikita na ang distribusyon ng mga sagot sa apat na aspeto ng kamalayan Kritikal na Pag-iisip, Komunikasyon, Kolaborasyon, at Pagkamalikhain ay sumailalim sa pagsusuri ng normalidad gamit ang Shapiro-Wilk test. Ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga halaga ng W ay hindi malapit sa 1, at ang p-values para sa Kritikal na Pag-iisip ($p < .001$), Kolaborasyon ($p < .001$), at Pagkamalikhain ($p < .001$) ay mas mababa sa 0.05, na nangangahulugan na ang distribusyon ng kanilang datos ay hindi normal. Samantala, ang Komunikasyon ay may $W = 0.928$ at $p = 0.044$, na bahagyang mas mataas ngunit nananatiling mas mababa sa threshold na 0.05, kaya't hindi rin ito normal.

Ang antas ng kamalayan ng mga guro ay mayroong makabuluhang pagkakaiba o kaugnayan batay sa iba't ibang salik. Ang pagsunod sa tamang pamamaraan ng pagsusuri batay sa normalidad o kawalan nito ay nakatutulong upang maiwasan ang maling interpretasyon ng resulta, lalo na't ang mga datos ay naglalaman ng mahahalagang impormasyon tungkol sa ika-21 siglong kasanayan. Ang wastong pagsusuri ay magbibigay-daan upang makabuo ng mas tiyak at maaasahang konklusyon tungkol sa antas ng kamalayan at kaugnayan nito sa iba pang mga baryabol tulad ng propayl ng mga guro.

Makikita sa Talahanayan 9 ang resulta sa antas ng kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan gamit ang ANOVA Test.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

**Talahanayan 9**
**Resulta sa antas ng kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan gamit ang ANOVA Test**

| | F | df1 | df2 | P |
|---|---|---|---|---|
| **Kritikal na Pag-Iisip** | 2.1407 | 1 | 28 | 0.155 |
| **Komunikasyon** | 4.2401 | 1 | 28 | 0.028 |
| **Kolaborasyon** | 0.0622 | 1 | 28 | 0.805 |
| **Pagkamalikhain** | 5.1692 | 1 | 28 | 0.031 |

Matutunghayan sa pagsusuri ng datos gamit ang ANOVA test ang magkahalong resulta sa antas ng kamalayan ng mga guro sa ika-21 siglong kasanayan. Ayon kay Mulyani (2021), ang mga kasanayang ito ay hindi lamang nagsisilbing pundasyon para sa akademikong tagumpay kundi pati na rin para sa paghahanda ng mga mag-aaral sa mas malawak na konteksto ng globalisadong mundo. Sa Kritikal na Pag-iisip (2.1407, p = 0.155) at Kolaborasyon (0.0622, p = 0.805), walang natagpuang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kamalayan ng mga guro batay sa kanilang propayl, na nagpapahiwatig na ang kanilang pananaw sa mga kasanayang ito ay halos pare-pareho. Ipinapakita nito na ang mga guro, anuman ang kanilang edad, tagal ng pagtuturo, o medyor, ay may halos magkatulad na pagpapahalaga sa Kritikal na Pag-iisip at Kolaborasyon.

Subalit, sa Komunikasyon (4.2401, p = 0.028) at Pagkamalikhain (5.1692, p = 0.031), nagkaroon ng malinaw na pagkakaiba, na nagmumungkahi na ang antas ng kamalayan ng mga guro sa mga kasanayang ito ay maaaring naiimpluwensyahan ng ilang aspeto ng kanilang propayl. Maaaring may mga partikular na karanasan o pagsasanay na nakatulong upang mapataas ang kanilang kamalayan sa Komunikasyon at Pagkamalikhain. Ayon kay Fatimayin (2018), ang komunikasyon ay isang proseso ng pagpapalitan ng impormasyon na kadalasan na ginagawa sa pamamagitan ng karaniwang sistema ng mga simbolo.
Ang mga natuklasan na ito ay nagbibigay-diin sa pangangailangan para sa mas *targeted* na mga programa sa pagsasanay, kung saan maaaring ituon ang pansin sa pagpapalakas ng kamalayan at kasanayan sa Komunikasyon at Pagkamalikhain, habang patuloy na pinapanatili ang mataas na antas ng pag-unawa sa Kritikal na Pag-iisip at Kolaborasyon. Mahalaga ring suriin kung anong mga aspeto ng propayl ng mga guro ang may kaugnayan sa kanilang kamalayan sa Komunikasyon at Pagkamalikhain upang mas epektibong matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

Matutukoy ang implikasyon nito na nagbibigay ng mahahalagang impormasyon para sa pagpapaunlad ng mga guro upang mas epektibo nilang maihanda ang mga mag-aaral para sa mga hamon ng ika-21 siglo. Ito rin ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagpapaunlad ng kanilang mga kasanayan sa komunikasyon at pagkamalikhain. Ayon kay Guilford (2019), ang pagkamalikhain ay isang mahalagang bahagi ng katalinuhan na dapat isaalang-alang sa pagtuturo."

**4. Mungkahing banghay-aralin sa Filipino Baitang 7.** Ang nabuong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7 ay inihanda ng mananaliksik upang mapagyaman ang estratehiya o pamamaraan sa pagtuturo ng guro sa asignaturang Filipino partikular sa mga aralin na nangangailangan ng 3KP na kasanayan. Ginawang batayan sa paghahanda ng Banghay Aralin ang DepEd Order No. 8 s.2015 na pinamagatang "Policy Guidelines on Classroom Assessment for K to 12 Basic education Program na ang kagamitang pampagtuturo tulad ng buklet, sanayang aklat at iba pa ay gagamitin sa higit na ikatatamo ng mataas na kasanayang pang gramatika o pampanitikan man.

Ang awtput na nabuo ay iniugnay ng mananaliksik sa naging resulta ng pag-aaral na kailangang makita sa aktwal na pagtuturo ang mga kasanayang 3KP o kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain. Naniniwala ang mananaliksik na ang awtput na nabuo ay lilinang sa antas

ng kamalayan ng mga guro pagdating sa pagtalakay sa mga aralin sa Filipino na angkop at nakasusunod sa pandaigdigang adhikain.

Pangunahing layunin ng suplementong kagamitan ay maihanda at malinang ang pangangailangan ng mga guro sa pagtuturo. Kasabay ng paglinang sa mga kasanayan, ang pagkatuto sa gabay ng mga guro ay malaki ang maitutulong sa mga mag-aaral. Naniniwala ang mananaliksik na ang pagkakaroon ng suplementong kagamitan partikular ang banghay aralin na kinapapalooban ng iba't ibang estratehiya at Gawain tungkol sa 3KP ay magdudulot ng higit na ginhawa sa mga guro sa Filipino Baitang 7. Sinikap ng mananalisik na isama sa binuong banghay aralin ang bawat gawain at pagsasanay na angkop sa 3KP na kasanayan. Sa pamamagitan nito, mapapadali at mapapataas ang kasanayan ng mga mag-aaral lalo na pagdating sa kritikal napag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain.

**Konklusyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mananaliksik ay humantong sa mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang edad, kasarian at tagal ng pagtuturo ay mga salik na bahagyang nakaaapekto sa sa ikaa-21siglong mga kasanayan sa pagtuturo ng Filipino subalit ang salik na may kaugnayan sa medyor at bilang ng mga dinaluhang pagsasanay ay nagkaroon ng ambag sa mababang antas ng kasanayan
2. Ang mga guro sa Ikapitong Baitang ay may mataas na antas ng kamalayan sa ika-21 siglong kasanayan sa pagtuturo—kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon, at pagkamalikhain. Ipinapakita nito na kinikilala ng mga guro ang kahalagahan ng mga kasanayang ito sa paghahanda ng mga mag-aaral para sa hinaharap.
3. Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kamalayan ng mga guro sa kritikal na pag-iisip at kolaborasyon batay sa kanilang propayl kung kaya't anuman ang edad, tagal ng pagtuturo, o medyor, ang mga guro ay may parehong pag-unawa sa kahalagahan ng mga kasanayang ito. May makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kamalayan ng mga guro sa komunikasyon at pagkamalikhain batay sa kanilang propayl kaya't malinaw na ang ilang aspeto ng kanilang propayl, partikular ang bilang ng mga dinaluhang pagsasanay, ay maaaring makaapekto sa kanilang kamalayan sa mga kasanayang ito.
4. Mahalaga ang patuloy na pagpapaunlad ng kasanayan ng mga guro sa komunikasyon at pagkamalikhain sa pamamagitan ng mga targeted na programa sa pagsasanay. Ang mga pagsasanay na ito ay dapat tumugon sa mga partikular na pangangailangan ng mga guro batay sa kanilang propayl.

**Rekomendasyon**

1. Bigyan ang mga dalubguro ng *Technical Assistance* (TA) ang mga gurong di-medyor sa Filipino at magkaroon ng *Learning Action Cell (*LAC*) session* para sa mas malawak na kaalaman sa ika-21 na siglong kasanayan.
2. Pagtuunan ng pansin ng Ulongguro ang integrasyon sa pagsasanay para sa ika-21 siglong kasanayan.
3. Magkaroon ng karagdagang seminar lalo na sa mga guro na di-medyor ng Filipino.
4. Ipabalideyt sa superbisor o kasamang dalubguro ang nabuong banghay-aralin at ipagamit ito sa mga gurong nagtuturo ng Filipino.
5. Para sa susunod na mananaliksik, magsagawa ng kahalintulad na pananaliksik na nakapokus sa mga baryabol na hindi nabanggit sa pag-aaral na ito.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

**Sanggunian**

Alabekee, E., Osaat, S., Samuel, A. (2015). Effect of cooperative learning strategy on students' learning experience and achievements in mathematics. http://www.eajournals.org/wp-content/uploads.

Alsaleh, N. J. (2020). Teaching critical thinking skills: Literature review. TOJET Turkish Online J. Educ. Technol.

Apat, H., Sarias, K., Tomarong, M. & Bacatan, J. (2023). The influence of oral communication on the learning engagement of students. https://www.researchgate.net/publication/371985791.

Bellen et al. (2015) Metodolohiya sa Pagtuturo ng pakikinig mula sa iba't ibang Estratehiyang sangkot sa kooperatibong pagkatuto sa Asignaturang Filipino.

Brame, Cynthia Group Work (2015): Using Cooperative Learning Gropups Effectively.

Caldwell, C. (2019). Introduction and overview, communication, meaning & identity. https://www.researchgate.net/publication/337276021.

Chiruguru, S. (2020). The essential skills of 21st century classrooms (4Cs). https://www.researchgate.net/publication/340066140.

Domingo, E. & Calpito, W. (2024). MATATAG: Ikatatag nga ba? https://manilatoday.net/matatag-ikatatatag-nga-ba/.

Fatimayin, F. (2018). What is communication? https://www.researchgate.net/publication/337649561.

Fernandez, Rabin Joy Munsod (2020). Assessment of Reading Comprehension Levels Among Grade 11 Senior High School Students: Towards the Development of Proposed K-12 Context Appropriate Instructional Tool https://www.journalijar.com/uploads/60152ac040549_IJAR-34866.pdf

Guilford, J.P., Zbainos, D., & Lubart, T.I. (2020). Creativity and Intelligence: The Role of Divergent Thinking. Journal of Creative Behavior, 54(1), 22-34.

Gonzalez, J., Smith, L., & Brown, T. (2021). The role of technology in enhancing collaboration and communication in education. International Journal of Educational Technology, 15(3), 123-135.

Hummel, B. (2024). What are the 4C's in 21st century skills? https://www.icevonline.com/blog/four-cs-21st-century-skills.

Jaucian, R. S. (2020). Edukasyong Pilipino: Pagsusuri at Pagsusuri. Manila: Rex Bookstore.

Kolb, D. A. (2020). Experiential learning: Experience as the source of learning and development. New Jersey: Prentice Hall.

Krupat, E., et al. (2011). Critical Thinking in Medical Education: A Study of Definitions and Assessments. Journal of Medical Education, 85(4), 300-305.

Kapur, R. (2020). The function of communication. https://www.researchgate.net/publication/344318695.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

Kapur, R. (2020). Understanding the meaning of communication. https://www.researchgate.net/publication/344040897.

Lear, D. (2023). DepEd at World Bank, nagpulong para isulong at maisakatuparan ang MATATAG Agenda ng kagawaran. https://radyopilipinas.ph/2023/10.

Massen, J., Ritter, C., Bugnyar, T. (2015). Tolerance and reward equity predict cooperation in ravens (Corvus corax). Scientific Reports. 5. 15021. 10.1038/srep15021. https://www.researchgate.net/publication/282642469.

Miller, R. (2020). Communication meaning. https://www.researchgate.net/publication/371724553.

Mulyani, N. (2019). Language Acquisition and Its Impact on Communication Skills. International Journal of Language Studies, 13(2), 45-60.

Mulyani, S. (2021). The role of communication in education: A critical analysis. Educational Research Review, 16(1), 99-110.

Navaratnam, Shiyamala (2019) Teachers' Perceptions and Knowledge on The 4cs in the 21st Century Learning; School of Education, Languages & Communication Wawasan Open University

Pernala, K. (2021). Integrating technology in the classroom: Opportunities and challenges. Philippine Journal of Education, 18(2), 78-90.

Picana, T., Camero, L., Salvador, A. & Penajero, S. (2024). Binagong K-10 kurikulum para sa matatag na edukasyon. https://amiananbalitangayon.com/binagong-k-10- curriculum-para-sa-matatag-na-edukasyon/.

Raj, T. & Chauhan, P. (2022). Importance of critical thinking in education. https://www.researchgate.net/publication/359800768.

Rulona, Eva Mae P. (2024). International Multidisciplinary Journal of Research for Innovations, Sustainability and Excellence (IMJRISE) BSED-4, College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Philippines https://orcid.org/0009-0002-5953-9724

Rutherford, D. (2021). *Critical Thinking: A Comprehensive Guide*. New York: Academic Press.

Rutherford, J. (2021). Critical thinking and its impact on academic performance. Journal of Higher Education Research, 19(3), 112-125.

Saul et., al. (2020). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.

Saul, W. (2020). 21st century skills for life and career readiness. International Journal of Educational Development, 35(4), 56-70.

Sousa, Fernando (2008) Elusive definition of Creativity according to Stein (1953) https://www.researchgate.net/publication/228465786_Still_the_elusive_definition_of_creativity

Tran, A. (2023). Ano ang kritikal na pag-iisip? https://ahaslides.com/tl/blog/what-is- critical-thinking/.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 7 (2025)

Tuñacao, Jennifer A. (2024). Mga Salik na Nakaaapekto sa Antas ng Komprehensyon at Akademik Performans sa mga Mag-Aaral ng Filipino 10 Unang Distrito ng Consolacion, Lunsod ng Cebu: Kaparaanang Pampagpabuti. Advancing Filipino Research Journal https://ub-urc.ph/index.php/afrj/article/view/203

Villafuerte P. (2019). Epektibong Pagtuturo https://www.pressreader.com/philippines/liwayway/20190701/282364041256406.

Zuluaga, Y., Duque, G. & Narvaez, F. (2020). A study of critical thinking in higher education students. https://www.redalyc.org/journal/1341/134170241015/html/.

Walinga, Jennifer & Strangor, Charles (2014) Introduction to Psychology-1st Canadian Edition, https://opentextbc.ca/introductiontopsychology/ chapter/2-2-psychologists-use-descriptive-correlational-and-experimental-research-designs-to-understand-behavior/